

Proyektong Pangkaligtasan sa 13th Street – Yugto ng Kontruksyon

Mga Madalas Itanong

1. Ano ang Proyektong Pangkaligtasan sa 13th Street?

Nagsimula ang Proyektong Pangkaligtasan sa 13th Street dahil nagkaroon ng napakaraming malulubhang bangga sa kalyeng ito na matatagpuan sa ilalim ng Central Freeway (US 101). Sa pagitan ng 2015 at 2019, mayroong 99 na bangga sa kalyeng ito—na kumukonekta patungo sa at tumatakbo sa ilalim ng freeway—kung saan marami rito ang kinasasangkutan ng mga taong naglalakad o nagbibisikleta. Gagawing mas ligtas ng proyektong ito ang kalye sa pamamagitan ng:

- Pagpapalawak ng mga bahagi ng bangketa upang matulungan ang mga taong makakita nang mas mabuti at tumawid ng kalye nang mas ligtas.
- Pag-a-update sa mga signal ng trapiko (oras at hardware) upang matulungan ang lahat na makagalaw nang mas mahusay.
- Paglikha ng mga protektadong daanan ng bisikleta upang mapanatiling nakahiwalay ang mga tao sa mga dumadaang sasakyan.
- Pagbabago sa paradahan at sakayan upang mas mahusay na magamit ang espasyo.

2. Paano mapapakinabangan ng aking komunidad ang proyektong ito?

Ang proyekto ay gagawin itong mas ligtas at mas kumportable para sa lahat ng gumagamit ng 13th Street mula Folsom Street patungo sa Valencia Street. Gagawin ang mga pagpapabuti sa 2025 at 2026 upang mabawasan ang mga kahirapan sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, at nagmamaneho. Tutulong din ito sa accessibility at pagbubutihin ang mga sistema ng signal ng trapiko sa lungsod. Ang mga taong nagbibisikleta ay magkakaroon ng mabubuting koneksyon sa network ng bisikleta sa San Francisco.

3. Saan umaakma ang aking saloobin sa proyektong ito?

Nakipag-ugnayan ang pangkat ng proyekto sa mga residente at negosyo upang makuha ang kanilang mga opinyon. Ginamit nila ang mga update sa website, mga email, social media, mga presentasyon, at mga polyeto. Bumisita ang mga tauhan ng proyekto sa mga tao upang talakayin ang proyekto at mangolekta ng saloobin. Nagpadala rin sila ng mga survey upang makakuha ng higit pang mga opinyon, na may mga detalyeng ibinahagi sa iba't ibang pamamaraan. Nagsimula ang pagpapalano noong 2021, na may mga pagpupulong upang talakayin ang mga ideya at itakda ang mga layunin para sa proyekto. Patuloy na ginawang bahagi ng pangkat ang komunidad habang dinidisenyo ang proyekto.

4. Bakit sinisimulan natin ang konstruksyon ngayon?

Nagsimula ang pagpapalano noong 2021, at inaprubahan ang proyekto noong 2022. Mula noon, nakumpleto ng pangkat ang mga disenyo, nag-apply para sa pagpopondo, inanunsyo ang kontrata sa konstruksyon, at isinapinal ang mga kasunduan sa SFPW para masimulan ang konstruksyon. Isinaayos din nila ang iskedyul ng konstruksyon sa iba pang mga karatig na proyekto.

5. Ano ang timeline ng konstruksyon?

Inaasahang magsisimula ang konstruksyon sa simula ng 2025 at inaasahang magtatapos sa 2026.

Karaniwan, ang gawain ng konstruksyon sa ilalim ng lupa, na mga daluyan para sa signal ng trapiko, ay inaasahan munang makumpleto. Ang paglalagak ng gawain sa ibabaw ng lupa tulad ng mga rampa sa bangketa, bulbout, pagpapalawak ng bangketa, at mga poste para sa signal ng trapiko ay kasabay na isasagawa. Ang bagong patag na daan at mga bagong median para sa mga protektadong lane para sa nagbibisikleta ay inaasahang mailalagay pagkatapos makumpleto ng gawain sa itaas ng lupa. Sa panahon ng konstruksyon, ang mga buwang email na update ay ipapadala sa mga residente at apektado.

6. Sino ang mamumuno sa yugto ng konstruksyon?

Pangungunahan ng San Francisco Public Works ang yugto ng konstruksyon. Magtutulongan ang Public Works at SFMTA sa pagbibigay ng mga update sa konstruksyon at tutugunan ang anumang mga katanungan at alalahanin ng mga apektado. Bago ang konstruksyon, makikipag-ugnayan ang pangkat ng proyekto sa mga negosyo at residente upang sagutin ang mga katanungan at tugunan ang mga alalahanin. Sa panahon ng konstruksyon, ang mga buwang email na update ay ipapadala sa mga residente at apektado.

7. Paano maihatid nang matagumpay ng SFMTA ang proyektong ito?

Nakipagtulungan ang pangkat ng proyekto sa pangkat ng Streetscape Program ng SF Public Works upang ihatid ang Proyektong Pangkaligtasan sa 13th Street. Naghatid ang pangkat na ito ng ilang proyekto ng SFMTA tulad ng Proyektong Page Street Neighborway, Proyektong Pagpapabuti ng Kaligtasan sa Upper Market Corridor, Pinagsamang Proyektong Lungsod sa 19th Avenue at Proyektong Vision Zero sa Lombard Street. Upang malaman pa ang tungkol sa Streetscape Program ng SF Public Works, mangyaring panoorin ang kanilang [Webinar noong Setyembre 2021](#).

8. Mapapanatili ba ang mga daan ng pedestriyan at access sa mga daanan ng sasakyan at negosyo sa panahon ng konstruksyon?

Sa pangkalahatan, oo. Dahil ito ang kumpletong proyekto para sa mga kalye, marami kang makikitang trabaho, hindi lamang sa daan, ngunit pati na rin sa mga bangketa. Halimbawa,

maglalagay kami ng mga ekstensyon sa bangketa, at magsasagawa rin ng mga upgrade sa daluyan ng signal at iba pang gawain sa daan. Ang mga daanan ng pedestriyan at daanan ng sasakyan ay karaniwang mapapanatili, ngunit kung may pangangailangan para isara ang seksyon ng bangketa o daanan ng sasakyan, magbibigay ang SF Public Works ng mga update sa mga residente at negosyo sa loob ng lugar na iyon. Mangyaring mag-sign up para makatanggap ng mga update sa <https://www.sfpublicworks.org/13thStreetSafety>.

9. Paano ninyo pahihintulutan ang mga residente sa mga one-way na daan para makarating sa kanilang mga tirahan?

Ang SFMTA ay may sirkulasyon ng trapiko at seksyon sa pagpapatupad sa ilalim ng Streets Division. Susuriin at aaprubahan ng pangkat ang lahat ng hakbang na pansirkulasyon na imumungkahi ng kontratista. Bilang resulta, magtutulungan ang lahat ng pangkat upang matiyak na napapanatili ang access sa kalye sa buong yugto ng konstruksyon.

10. Paano ninyo patitiyak na makakapunta pa rin sa maliliit na negosyo sa 13th Street sa panahon ng konstruksyon?

Sa pangkalahatan, ang access ay pananatilihin ng kontratista. Kung kailangan, maglalagay ang kontratista ng bakal na plate o mga de-kahoy na tulay upang mapanatili ang pag-access.

11. Aalisin ba ng proyektong ito ang mga lane sa pagbiyahe para sa mga sasakyan? Paano nito maaapektuhan ang trapiko, lalo na papunta at mula sa freeway?

Para sa karamihan sa lugar ng proyekto, mababawasan ng isang lane para sa bumibiyaheng sasakyan sa bawat direksyon. Muling maglalaan ng espasyo sa daan upang mapaglingkuran nang mas mabuti ang kumplikadong pangangailangan sa 13th Street habang nagbibigay rin ng mas mabuting pang-unawa sa kaligtasan para sa lahat ng tao. Ang mga pagbawas sa lane ay nakitang bumabawas sa posibilidad ng mabilis na pagmamaneho ng sasakyan. Ang access patungo at mula sa freeway ay pananatilihin bago, sa panahon ng, at pagkatapos ng konstruksyon. Batay sa pagsusuri sa trapiko ng pangkat ng proyekto, ang mga pagbawas ng lane sa pagbibiyahe ay patuloy na bibigyan ng akomodasyon ang abalang oras ng trapiko. Upang matugunan ang mga alalahanin pagdating sa kasikipan ng trapiko, kabilang sa proyekto ang pagbabago ng oras ng signal ng trapiko upang mapabuti ang daloy ng trapiko. Ang pangkat ng proyekto ay patuloy na susubaybayan ang bilang at kalagayan ng trapiko pagkatapos ng pagpapatupad ng proyekto.

12. Ipatupad ba ng proyektong ito ang anumang mga paghihigpit sa pagliko?

Magkakaroon ng paghihigpit para sa southbound na mga pakaliwang liko sa interseksyon ng 13th Street at South Van Ness Avenue. Ito ay nangangahulugan na ang mga nagmamaneho ay hindi maaaring lumiko pakaliwa mula sa southbound South Van Ness Avenue upang tumungo sa

silangan ng 13th Street. Babawasan nito ang posibilidad ng mga kahirapan sa pagitan ng mga taong bumibiyaha ng northbound sa South Van Ness Avenue at ang mga nagmamaneho na lumiliko pakaliwa mula sa southbound South Van Ness Avenue patungo sa eastbound 13th Street. Mangyaring sundin ang lahat ng iba pang mga karatulang nakapaskil sa panahon ng konstruksyon.

13. Anong uri ng mga upgrade sa signal ang isasama sa proyektong ito?

Ia-update ng proyekto ang oras at kagamitan sa signal ng trapiko. Ang mga lumang signal ng trapiko na malapit sa mga hanay ng freeway ay papalitan ng mas malalaking signal para makita nang mas mabuti. Ang mga bagong poste at mast arm ay idadagdag upang humawak ng mga signal ng trapiko, signal para sa bisikleta, at accessible na signal para sa pedestriyan. Ang oras ng signal ng trapiko ay iko-customize upang bigyan ng akomodasyon ang daloy ng trapiko sa iba't ibang oras ng araw, linggo, at direksyon.

14. Anong mga pagbabago ang gagawin sa pagparada at pagsakay?

Kabilang sa proyektong ito ang mga pagbabago sa pagparada at pagsakay upang mabigyan ng akomodasyon ang mga umiiral na paggamit sa lupa at mga pangangailangan sa negosyo. Ang mga kulay sa bangketa ang magtatalaga ng mga lugar para sa pagsakay na komersyal at ng pasahero. Sa kabuuan, dadagdagan ng proyektong ito ang bilang ng mga sonang komersyal sa pagsakay at mga asul na sona para sa mga may mga kapansanan. Sa sampung nakametro ng lugar na paradahan sa bahaging timog ng 13th Street sa pagitan ng South Van Ness Avenue at Folsom Street, humigit-kumulang sampu ang pananatilihin at isang dagdag na asul na sona ang idadagdag. Tatlung hindi napapangasiwang paradahan ang aalisin bilang bahagi ng proyektong ito.

15. Anong mga upgrade sa accessibility ang ibibigay ng proyektong ito?

Maglalagay ang proyektong ito ng mga tampok na magpapabuti sa accessibility sa lugar ng proyekto, kabilang ang mga bagong accessible na signal para sa pedestriyan at mga rampa sa bangketa. Ang mga accessible na signal para sa pedestriyan (APS, accessible pedestrian signals) ay mga pinipindot na buton na nakakatulong para malaman ng mga tao kung kailan ligtas na tumawid ng kalye sa pamamagitan ng mga tunog, mensahe, at panginginig. Patakarang ng SFMTA ang maglagay ng APS sa mga naka-signal na interseksyon na sumasailalim sa malaking upgrade sa signal. Dagdag dito, ang mga rampa sa bangketa ay gagawin alinsunod sa mga bagong pamantayan sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga malalaman na ibabaw na nagbibigay ng babala.

16. Ano ang mga pagpapabuti para sa kaligtasan ng pedestriyan na gagawin sa pamamagitan ng proyektong ito?

Ang proyektong ito ay gumagawa ng mga pagbabago upang makatulong sa pagpapanatiling ligtas sa mga taong nagbibisikleta. Kasama sa proyekto ang pagbawas ng dinadaanang lane ng

karaniwang isang lane sa bawat direksyon, pati na rin ang mga ekstensyon ng bangketa. Binabawasan ng mga pagbabagong ito ang posibilidad ng mabilis na pagtakbo ng sasakyan at binabawasan ang pagkahantad ng mga pedestriyan sa dumadaang trapiko. Sa ilang interseksyon, magkakaroon ng mga bulbout sa kanto upang magbigay ng mas higit pang espasyo para sa mga taong naghihintay na tumawid ng kalye. Sa mga bulbout nagiging mas madali para sa mga taong makakita at pinapaliit ang distansyang kailangan nilang lakarin patawin ng kalye, na nangangahulugang mas kaunti ang nagugugol nilang oras sa trapiko. Sa parehong pagkakataon, ang mga bulbout at ekstensyon ay hinihikayat ang mga nagmamaneho na kumpletuhin ang mga pagliko nang mas mabagal.

Sa interseksyon sa 13th Street at Folsom Street, ang mga likong pakanan mula sa eastbound 13th Street patungo sa southbound Folsom Street ay magiging mas ligtas dahil aalisin ng proyekto ang slip lane, na sa kasalukuyan ay nagbibigay-daan para sa mga nagmamaneho na magmaneho nang mabilis. Sa halip, magkakaroon ng mas malaking traffic island at isang bagong daanan ng bisikleta, na lumilikha ng mas higit pang espasyo para sa mga taong naglalakad at nagbibisikleta. Maaari pa ring lumiko ang mga nagmamaneho mula sa eastbound 13th Street patungong southbound Folsom Street, ngunit kakailanganin nilang gawin ito nang mas mabagal. Gagawa rin ng mga bulbout sa kanto sa mga kanto ng northwest at southeast ng interseksyon.

Sa interseksyon ng 13th Street at South Van Ness Avenue, magkakaroon ng panibagong signal ng trapiko upang tulungan ang mga nagmamanehong lumiliko pakanan mula southbound South Van Ness patungo sa westbound 13th Street. Ang mga median island na matatagpuan sa pagitan ng frontage road at 13th Street ay magtatampok ng mga ekstensyon ng bangketa na makakapagbigay ng akomodasyon sa mga bagong rampang pang-ADA sa bangketa kung saan wala sa kasalukuyan. Sa hilagang panig ng 13th Street na agad mismo sa kanluran ng interseksyon, palalawakin ng proyekto ang bangketa upang tumugma sa kabuuan ng block. Isang bagong median island ang gagawin upang magbigay ng dagdag na proteksyon para sa mga taong tumatawid ng kalye, at isang bagong tawiran na may signal ang pupunan ang puwang para sa mga naglalakad patungo sa rampa ng US 101 freeway.

Sa interseksyon ng 13th Street, Mission Street, at Otis Street, magkakaroon din ng mga bulbout sa kanto upang gawing mas madali ang pagtawid. Ang mga umiiral na thumbnail island sa tawiran ay palalawakin upang gumawa ng mas higit pang espasyo para sa mga taong tumatawid ng 13th Street gamit ang silangan at kanlurang bahagi ng mga tawiran. Ang umiiral na median na naghihiwalay sa trapiko ng sasakyan mula sa US 101 freeway at trapiko ng sasakyan sa westbound 13th ay palalawakin para sa mga taong naglalakad at gagawa ng naka-channel na daanan ng bisikleta upang mabawasan ang kahirapan sa pagitan ng mga nagbibisikleta nang westbound at mga sasakyang bumibiyahe nang westbound sa 13th Street at mula sa US-101 off-ramp.

Ang mga pagpipintura tulad ng mga pulang bangketa at pinahusay na mga linya ng limitasyon ay ilalagay rin sa mga interseksyon upang mas lalong makita ng lahat ng gumagamit ng daan. Ang lahat ng tawiran na saklaw ng proyekto ay ia-upgrade sa pamamagitan ng mga continental na marka.

17. Ano ang mga pagpapabuti para sa kaligtasan at pagkakanonekta ng nagbibisiketa na gagawin sa pamamagitan ng proyektong ito?

Gagawing mas ligtas ng proyektong ito ang pagbibisikleta ng mga tao sa 13th Street at Duboce Avenue sa pamamagitan ng paggawa ng nakalaang daanan ng bisikleta sa magkabilang direksyon sa pagitan ng Valencia Street at Folsom Street. Bukod dito, ang naka-channel na daanan ng bisikleta ay itatayo sa off ramp ng US-101 sa Mission Street upang manatili ang mga nagbibisikleta sa hilaga ng mga sasakyang bumibiyaha nang westbound mula sa US-101 off ramp patungo sa Duboce Avenue.

Ang protektadong daanan ng bisikleta ay nangangahulugan na ang mga nagbibisikleta ay may nakalaang espasyo na nakahiwalay sa dumadaang trapiko. Ang daanan ng bisikleta na papunta sa silangan ay itatalaga sa timog ng kalye, at ang lane na papuntang kanluran ay itatalaga sa hilagang panig. Ipatatupad ang pisikal na pagkakahiwalay mula sa gumagalaw na trapiko ng sasakyan gamit ang mga kongkretong median, plastik na delineator, o isang hanay ng paradahan sa kalsada. Ang mga kongkretong median ang uunahin sa espasyo ng buffer sa pagitan ng dumadaang bisikleta at sasakyan kung saan posible. Sa mga lokasyong may mga limitasyon sa utilidad at malaking sasakyaan, gagamitin ang mga plastik na delineator. Sa lugar na matatagpuan ang espasyong buffer sa pagitan ng dumadaang bisikleta at paradahan sa kalye o sakayan, itatampok sa espasyong buffer ang lugar na may pininturahang hatch mark.

Kasama sa mga bagong protektadong daanan ng bisikleta, magdadagdag ang proyekto ng mga signal para sa bisikleta sa malalaking interseksyon. Ang mga signal ng bisikleta na nakalagay sa mga signal na yugto ay nagiging malinaw kapag maaaring pumasok ang mga nagbibisikleta sa interseksyon at karaniwang ipinapares sa paglilimita sa magkasalungat na paggalaw ng sasakyan. Kasama rin sa proyekto ang mga bike box at dalawang yugtong turn box sa mga interseksyon kung saan ang mga magkakrus na ruta ng bisikleta ay umiiral upang mapadali ang mga pagliko patungo o palabas ng mga rutang iyon.

Ang mga bagong protektadong daanan ng bisikleta ay isasara ang mahalagang puwang sa network ng bisikleta ng lungsod sa pagitan ng Folsom Street at Valencia Street. Ang mga nakaraang pagsusumikap sa 13th Street at Division Street ay pinabuti ang paglalakad, pagbibisikleta, at pagmamaneho sa pagitan ng Townsend Street at Folsom Street. Ang Proyektong Pangkaligtasan sa 13th Street ay higit pang palalawakin ang network ng bisikleta sa pamamagitan ng pagpapahaba ng mga protektadong pasilidad sa 13th Street west hanggang Valencia Street.